

**LA CANADA IRRIGATION DISTRICT
PATAKARAN SA PAGTIGIL NG RESIDENSIAL NA
SERBISYO NG TUBIG**

LAYUNIN/BACKGROUND

Layunin ng patakarang ito na magtatag ng mga alituntunin sa pagtigil ng residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad ng delinkwenteng account. Ito ay sang-ayon sa Senate Bill No. 998 ("SB998") na ipatutupad simula ika-1 ng Abril 2020. Ang patakarang ito ay nasusulat sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Section 1632 ng Civil Code, at iba pang wikang gamit ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga naninirahan sa lugar na sineserbisyuhan. Maaaring basahin ang patakarang sa website ng District. Maari ring kontakin ang District sa telepono # (818) 790-6749 upang pag-usapan ang mga maaaring gawin upang maiwasan ang pagtigil ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga takda ng patakarang ito.

DELINGKWENTENG ACCOUNT

Ang mga account ay sinisingil isang beses tuwing dalawang buwan at kailangang agad na bayaran pagkatanggap. Ituturing silang overdue at maaring putulin ang serbisyo kung hindi mababayaran sa loob ng animnapung (60) araw mula sa petsa ng bill. Ang mga sumusunod na alituntunin ay ia-apply sa pagkolekta ng bayad sa mga delingkwenteng accounts:

1. Paunawa sa Pagka-delingkwente ng Bayad: Hindi bababa sa 7 araw ng trabaho bago putulin ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, ang District ay magpapadala ng sulat sa kostumer. Ang nasusulat na paunawa sa pagkadelingkwente at ang nakatakdang pagputol ng serbisyo ay ipapadala gamit ang koreo sa tirahan ng kostumer na nakasaad sa kanyang account at lugar na pinagseserbisyuhan ng tubig. Kapag ang mailing address ay hindi ang lugar na pinagseserbisyuhan ng tubig, ipapadala rin ang paunawa sa lugar na pinagseserbisyuhan na nakaadres sa Naninirahan o "Occupant" sang-ayon sa SB998. Ang paunawa ay maglalaman ng mga sumusunod:
 - a. Pangalan at service address ng kostumer
 - b. Delingkwenteng halagang dapat bayaran
 - c. Petsa kung kailan ang bayad o ang pakikipag-ayos tungkol sa pagbabayad ay dapat magawa upang hindi maputulan ng residensyal na serbisyo.
 - d. Paglalarawan ng proseso sa pag-apply ng ekstensiyon ng panahon ng pagbabayad ng delingkwenteng bayarin.
 - e. Paglalarawan ng proseso sa pag petisyon ng pagrerebisa ng bill at pag-apela nito.
 - f. Paglalarawan ng proseso kung paano hihiling ang kostumer ng pag-aantala ng pagbabayad, pagbawas sa halagang babayaran, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad.

Maaari ring magpadala ang District ng paunawa sa kostumer tungkol sa gagawing pagputol sa serbisyo ng tubig gamit ang telepono na mag-aalok sa kostumer ng nasusulat na kopya ng patakarang sa pagputol sa residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi

pagbabayad at alukin na pag-usapan ang mga maaaring gawin upang hindi maputulan ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad.

Kung hindi makontakt ng District ang kostumer at ang ipinadalang nakasulat na paunawa ay bumalik, tutungo ang District sa tirahan ng kostumer at mag-iiwan ng paunawa sa isang hayag na lugar sa tirahan at ma-iiwan din the kopya ng patakaran 48 oras bago ang pagputol ng serbisyo.

PAGHINGI NG EKSTENSYON O ALTERNATIBONG PARAAN NG PAGBABAYAD

May karapatan ang kostumer na humingi ng alternatibong paraan ng pagbabayad tungkol sa hindi nababayarang nakaraang singil, na maaring aprubahan sa diskresyon ng District. Upang mag-qualify sa alternatibong paraan ng pagbabayad, ang kostumer ay kailangang magpatunay na ang lahat ng tatlong sumusunod na kundisyon ay natugunan bago ang petsa ng pagputol ng serbisyo o Turn-off date:

1. Mga Kundisyong Pangkalusugan - Ang kostumer o tenant ng kostumer ay kailangang magsumite ng sertipikasyon mula sa isang primary care provider na nagsasabing ang paghinto sa serbisyo ng tubig ay magdudulot ng panganib sa buhay, o magbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng sinumang tao na nakatira sa property;
2. Kakulangang Pinansiyal - Ipinapakita ng kostumer na wala siyang pinansiyal na kakayahan upang bayaran ang serbisyo ng tubig sa loob ng normal na billing cycle ng sistema ng tubig. Ang kostumer ay itinuturing na "walang pinansiyal na kakayahang magbayad" kung (a) sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng benpisyomula sa mga sumusunod: CalWORKS, CalFresh, general assistance, MediCal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children; o (b) idineklara ng kostumer na ang taunang kita ng kanilang sambahayan ay mas mababa sa 200% ng federal poverty level;
3. Mga Alternatibong Paraan ng Pagbabayad - Sumasang-ayon ang kostumer na pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong schedule ng pagbabayad o isang plano para sa pinagpaliban o binawasang halaga ng babayaran.

Pagkatanggap ng patunay ng kwalipikasyon ng kostumer sa tamang panahon at makompirma ito, agad na kokontakin ng District ang kostumer upang humingi ng karagdagang impormasyon o upang ipaalam sa kostumer ang alternatibong paraan ng pagbabayad na maaring pagkasunduan at ang mga takda at tuntunin ng kasunduang kalalahukan ng kostumer.

Maaaring putulin ang residensyal na serbisyo nang hindi aaga pa sa 5 araw ng trabaho, matapos magpaskil ang District ng pinal na paunawa ng nakatakdang gagawing pagputol ng serbisyo sa isang hayag na lugar sa property, sa mga sumusunod na pagkakataon:

1. Hindi nakatupad ang kostumer sa kasunduang amortisasyon, isang alternatibong iskediyul ng pagbabayad, o pag-aantala ng pagbabayad

o pagbawas sa halaga ng babayaranang delingkwenteng singil sa loob ng 60 araw o higit pa.

2. Habang tinutupad ang kasunduang amortisasyon, ang alternatibong iskedyl ng pagbabayad, o pag-aantala o pagbawas sa halagang babayaranang delingkwenteng singil, hindi nagbayad ang kostumer ng kanyang kasalukuyang bill sa residensyal na serbisyo nang 60 araw o higit pa.

MGA PAMAMARAAN PARA SA LANDLORD-TENANT

Nalalapat ang mga sumusunod na pamamaraan sa mga detached single-family dwelling na may indibidwal na metro, sa mga multi-unit na istruktura ng tirahan, at sa mobile home park na kung saan ang kostumer na nasa talaan ng District ay ang may-ari o manager ng property na responsable sa pagbabayad ng bill ng tubig.

1. Kinakailangang Paunawa: Hindi kukulangin sa 10 araw ng kalendaryo kung ang property ay isang multi-unit na istruktura ng tirahan o mobile home park, o 7 araw ng kalendaryo kung ang property ay isang detached single-family dwelling, bago ang posibleng pagputol sa serbisyo ng tubig, kailangang magkusang-loob ang District na abisuhan ang mga tenant/occupant ng property sa pamamagitan ng nakasulat ng paunawa na puputulin ang serbisyo ng tubig.

Para sa mga detached single-family dwelling, upang hindi singilin ang nararapat bayaran sa delingkwenteng account, hihingin ng District ang beripikasyon mula sa naninirahan o occupant na ang nakatalang kostumer sa delingkwenteng account ay ang kasalukuyan o nakaraang landlord, manager, o agent ng tirahan. Ang beripikasyon ay maaring, ngunit hindi limitado sa, kasunduan ng pag-upa, resibo sa binayaranang upa, dokumento mula sa pamahalaan na nagpapakitang ang naninirahan ay umuupa sa property, o ipormasyong ibibigay alinsunod sa section 1962 ng Civil Code.

Sang-ayon sa SB998, sinumang nakikipanirahan na maging kostumer District na ang regular na ibinabayad, tulad ng renta, ay kinapapalooban ng singil para sa residenyal na serbisyo ng tubig, kung saan hindi sila hiwalay na ipinakikita, maaring ibawas sa regular na bayarin ang mga risonableng singil na ibinabayad sa District para sa mga serbisyo ng binayaranang nakaraang period.

MGA APELA

Kung walang nakalipas na apela o hiling sa pagrerebisa ng bill na nagawa, ang kostumer ay maaring humiling ng pagrerebisa o mag-apela ng bill na tinutukoy sa Paunawa ng Pagkadelingkwente ng Bayad kung nakikita niyang mali ang nakasaad na dami ng konsumo sa bill. Ang apela o hiling sa pagrerebisa ay kailangang nakasulat at nasusuportahan ng mga dokumento na nagsasabi ng rason upang rebisahin. Lahat ng apela o hiling sa pagrerebisa ay kailangang maideliber sa aming tanggapan sa loob ng limang (5) araw ng trabaho mula sa petsang nakasaad sa Paunawa sa Pagkadelingkwente ng Bayad.

Matapos tanggapan ang apela o hiling sa pagrerebisa, ang General Manager o ang kanyang kinatawan ay magbibigay ng desisyon kung napatunayang tama ang singil sa tubig at ang kostumer ay bibigyan ng nakasulat na buod o summary ng desisyon. Kung napatunayang mali ang singil, ang itinamang invoice ay ibibigay at ang kabayaran dito ay dapat magawa sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng itinamang invoice. Ang mga singil na napatunayang tama ay dapat bayaran dalawang (2) araw ng trabaho matapos ang petsa kung kailan nagbigay ng desisyon ang General Manager o ang kanyang kinatawan.

Maaaring iapela ng kostumer ang desisyon sa Board of Directors. Upang magsumite ng apela sa kanila, kailangang isumite ang nakasulat na apela at idliber ito sa aming tanggapan sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo matapos ang petsa kung kailan nagbigay ng inisyal na desisyon ang General Manager o ang kanyang kinatawan. Ang pagdinig sa pangalawang apelang ito ay gagawin sa susunod na regular na pulong ng Board of Directors.

MGA SINGIL SA MULING PAGKONEKTA NG SERBISYO

Kung ang serbisyo ay pinutol at ibabalik muli, ang singil sa muling pagkonekta, at ang singil sa pagkonektang gagawin sa loob ng oras ng trabaho, ay hindi hihigit sa \$50.00, at ang singil sa muling pagkonekta na gagawin sa labas ng regular na oras ng trabaho ay hindi hihigit sa \$150.00. Ang mga halagang ito ay maaring i-adjust kada taon simula sa unang araw ng Enero 2021 para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index.

IBINALIK NA TSEKE

Kapag ang ipinangbayad na tseke ay bumalik dahil sa walang sapat na pondo at ang account ay current, ang tseke ay muling idedeposito. Kapag ito ay bumalik sa pangalawang muli o bumalik dahil sa sarado na ang account, sisikapin ng District na tawagan ang kostumer. Kung hindi makontak ang kostumer gamit ang telepono, isang paunawa ang ilalagay sa lugar ng tirahan. Ang serbisyo ng tubig ay puputulin kung ang halaga ng ibinalik na tseke ay hindi nabayaran sa o bago ang nakasaad na petsa sa Overdue Notice; o kung ang Overdue Notice ay hindi naibigay, hindi aabot sa pang-animnapung (60) araw mula sa petsang nakasaad sa invoice na binayaran ng bunalik na tseke. Lahat ng sinisingil ay dapat bayaran gamit ang cash o sertipikadong pondo.

Kung ang tseke ay bumalik na non-negotiable, na dapat ay kabayaran upang ibalik ang pinutol na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, puputulin ng District ang nasabing serbisyo ng tubig matapos magbigay ng paunawa sa lugar na sineserbisyuhan nang hindi bababa sa tatlong (3) araw ng kalendaryo. Lahat ng sinisingil ay dapat bayaran gamit ang cash o sertipikadong pondo.